Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS

# MATHEMATICS 3
# Quarter 4 Week 2

**DEVELOPMENT & EDITORIAL TEAM:**

Writer: Amelia F. Aaron
Illustrator: Amelia F. Aaron
Layout Artist: Amelia F. Aaron
Content Editors:
Language Editors:
Management Team:
Regional Director : Malcolm S. Garma
SDS : Margarito B. Materum
CLMD Chief: Genia V. Santos
CID Chief : Ellery G. Quintia
Regional EPS (Math.): Bernadeth C. Daran
Regional LR Supervisor : Dennis M. Mendoza
SDO EPS (Math.) : Mirasol I. Rongavilla
SDO LR : Daisy L. Mataac

**Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.**

**Aralin 2:** Solves problems involving conversion of time measure.

## Inaasahan

Pagkatapos ng araling ito, inaasahang malulutas ng mga mag-aaral ang mga suliranin gamit ang pagsasalin ng sukat ng oras.


## Unang Pagsubok

Panuto: Kulayan ng berde ang kahon na may tamang oras na nararapat gamitin para sa mga sumusunod na sitwasyon.


| | | |
|---|---|---|
| 1. pagsisipilyo ng ngipin - | 4 minuto | 4 segundo |
| 2. panonood ng palabas sa telebisyon - | 1 araw | 1 oras |
| 3. pagsasaing ng bigas - | 30 minuto | 3 oras |
| 4. pagtulog - | 240 minuto | 8 oras |
| 5. paggawa ng takdang-aralin - | 1 oras | 1 linggo |

## Balik-tanaw

Panuto: Isulat ang katumbas na segundo, minuto, oras o araw sa dahon ng bawat bulaklak ayon sa nakasaad na yunit. Piliin ang tamang sagot sa mga dahon sa ibaba.


1.



______ minuto


2.



______ araw


(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)

3. 



______ segundo

4. 


______ oras

5. 


______ oras




## Maikling Pagpapakilala ng Aralin

Sa araling ito ay matututunan natin ang paglutas ng suliranin gamit ang pagsasalin ng sukat ng oras.

Mas madali nating malulutas ang suliranin kung alam nating isalin ang malaking yunit sa maliit na yunit gayundin, ang maliit na yunit sa malaking yunit. Dapat alam din natin ang <u>*conversion table*</u>.

***Conversion Table***

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1 minuto | = | 60 | segundo |
| 1 oras | = | 60 | minuto |
| 1 araw | = | 24 | oras |
| 1 linggo | = | 7 | araw |
| 1 buwan | = | 30 | araw |
| 1 taon | = | 12 | buwan |
| 1 taon | = | 365 | araw |

Dapat din nating isaalang–alang ang mga hakbang sa paglutas ng suliranin.

**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)**

May mga hakbang din tayong sinusunod sa paglutas ng suliranin ito ay ang mga sumusunod:

- Ano ang tinatanong o hinahanap sa suliranin?
- Ano – anong mga datos o *given* ang nabanggit sa suliranin?
- Anong *operation* ang dapat gamitin?
- Ano ang *number sentence* o pangungusap na pamilang?
- Ano ang tamang sagot?

Halimbawa: Suliranin

Si Gng. Rosendo ay nagsulat ng banghay – aralin sa loob ng 120 minuto. Ilang oras siya nagsulat ng banghay – aralin?

- Ano ang tinatanong / hinahanap sa suliranin?
  Bilang ng oras ng pagsulat ni Gng. Rosendo ng Banghay – aralin.
- Anu-ano ang mga datos o given ang nabanggit sa suliranin?
  120 minuto; oras
- Anong operation ang dapat gamitin?
  Pagpaparami o *division*
- Ano ang number sentence?
  $120 \div 60 = N$
- Ano ang tamang sagot?
  $120 \div 60 = 2$ oras

**Gawain 1**

Panuto: Basahin, unawain at sagutin ang suliranin (*word problem*). Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Si Rain ay gumugugol ng 180 minuto sa kanyang pag-aaral. Ilang oras siyang nag-aaral? Ano ang tinatanong sa suliranin?
   a. bilang ng araw ng kanyang pag – aral
   b. bilang ng oras ng kanyang pag – aral
   c. bilang ng minuto ng kanyang pag – aral
   d. bilang ng buwan ng kanyang pag – aral

(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)

2. Nagtrabaho si G. Rayos sa ibang bansa sa loob ng 3 taon. Ilang buwan siyang nangibang bansa? Ano – anong mga datos o *given* ang nabanggit sa suliranin?
   a. 2 taon ; ilang buwan
   b. Ilang taon ; 2 buwan
   c. 3 taon ; ilang buwan
   d. ilang taon ; 3 buwan

3. Nagsimulang mag-ensayo ng sayaw si Berlin sa ganap na ika-8:45 ng umaga at natapos siya sa ganap na 10:45 ng umaga. Ilang oras siyang nag-ensayo? Anong *operation* ang dapat gamitin?
   a. pagdaragdag (+)
   b. pagbabawas (-)
   c. pagpaparami (X)
   d. paghahatihati (÷)

4. Ang aking lola ay 89 na taong gulang na. Ilang buwan ang katumbas ng kanyang edad? Ano ang pamilang na pangungusap o *number sentence*?
   a. 89 X 12 = N
   b. 89 ÷ 12 = N
   c. 89 – 12 = N
   d. 89 + 12 = N

5. Ang bus papuntang Bicol ay naglalakbay ng 13 oras mula dito sa Maynila. Ilang minuto ang katumbas nito? Ano ang tamang sagot sa suliraning ito?
   a. 807
   b. 708
   c. 870
   d. 780

**Gawain 2**

Panuto: Lutasin ang sumusunod na suliranin (*word problem*). Ipakita ang solusyon at sagot sa papel.

1. Si Daniel ay 11 na taong gulang. Ilang buwan ang katumbas ng kaniyang edad?

2. Si Ben at Pedro ay nanood ng paborito nilang palabas sa telebisyon pagkatapos mananghalian. Nanood sila simula 2:30 p.m. hanggang 5:45 pm. Ilang oras silang nanood ng T.V?

3. Ang programa ay tumagal ng 2 oras at 15 minuto. Gaano kahaba ang programa sa segundo?

4. Naglalakbay ang barko sa loob ng 90 araw sa iba't ibang panig ng mundo. Humigit-kumulang na ilang buwan itong naglalakbay?

5. Si Nanay ay naglinis ng bahay sa loob ng 35 minuto. Ilang segundo siya naglinis?

6. Pitong taon nang nagtatrabaho si Nelly sa ibang bansa. Ilang buwan na siyang nagtatrabaho doon?

7. Gumawa ng banana cake si Aileen sa loob ng 40 minuto. Ilang segundo niya ito niluto?

8. Si Yeye ay gumagawa ng takdang-aralin niya sa Matematika sa ganap na ika 8:45 p.m. at natapos niya ito sa ganap na 9:50 p.m. Ilang oras siya gumawa ng kanyang takdang aralin?

9. Si Mang Abel ay 2 taon at 3 buwan nang nagpipinta. Humigit-kumulang na ilang buwan na siyang nagpipinta?

10. Kung ang community quarantine sa NCR ay nagsimula ng March 15, 2020 dahil sa COVID-19, ilang araw na ang nakalipas kung ngayon ay May 17, 2021?


(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)

## Gawain 3

Panuto: Basahin at unawain ang mga sumusunod na suliranin. Sagutin ang mga tanong sa ibaba nito.

1. Si Ellen ay dumating ng 30 minuto na mas maaga para sa pagpupulong nila sa Math. Ang pagpupulong ay nag-umpisa ng 10:00 a.m. Anong oras dumating si Ellen?
   a. Ano ang tinatanong/hinahanap sa suliranin?
   b. Ano-ano ang mga datos na nasa suliranin?
   c. Anong operasyon ang maaaring gamitin?
   d. Ano ang pamilang na pangungusap?
   e. Ano ang sagot?
2. Si Willy ay nanood ng paborito niyang palabas sa telebisyon sa loob ng 45 na minuto. Nag-umpisa siyang, manood ng 2:30 p.m. Anong oras siya natapos sa panonood?
   a. Ano ang tinatanong/hinahanap sa suliranin?
   b. Ano-ano ang mga datos sa suliranin?
   c. Anong operasyon ang maaaring gamitin?
   d. Ano ang pamilang na pangungusap?
   e. Ano ang sagot?


**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)**

## Tandaan

Sa paglutas ng suliranin gamit ang pagsasalin ng sukat ng oras ay mayroon tayong mga dapat isaalang-alang. Kailangang alam din natin ang conversion table.

Mga hakbang sa paglutas ng suliranin:

a. Ano ang itinatanong/hinahanap?
b. Ano ang mga datos na nasa suliranin?
c. Ano ang operasyong gagamitin?
d. Ano ang gagawin para malutas ang problema?
e. Ano ang sagot?

## Pag-alam sa mga Natutuhan

Panuto: Basahing mabuti at lutasin ang bawat suliranin (*word problem*). Isulat ang solusyon at sagot sa papel.

1. Ang pagbibigay ng *module* sa aming paaralan ay tumagal ng 2 oras at 45 minuto. Gaano kahaba ang pamimigay ng *module* sa segundo?

2. Si Archie ay isang sikat na mananakbo. Tumakbo siya ng 9 na kilometro sa loob ng 4 na oras. Ilang minuto siyang tumatakbo?



(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)

3. Ang magkaibigang sina Chona at Aiko ay naisipang magtrabaho sa ibang bansa bilang nars sa loob ng 2 ½ taon. Ilang buwan silang namalagi sa ibang bansa?

4. Si Helen ay pinayagan ng kanilang kumpanya para magbakasyon ng 45 na araw. Ilang buwan makakasama niya ang kanyang pamilya sa probinsiya?

5. Tumigil si Kim sa Maynila ng 4 ½ buwan. Ilang araw siyang nanatili sa Maynila?

**Pangwakas na Pagsusulit**

Panuto: Lutasin ang sumusunod na suliranin. Gumamit ng papel para sa inyong solusyon at sagot.

1. Pitong taon nang nakatira si Julie sa kanyang lolo at lola. Ilang buwan na siyang nakatira sa kanila? Humigit-kumulang na ilang linggo?
2. Maghihintay pa sina Lyn at Rosa ng 4 na buwan bago magbakasyon. Humigit-kumulang na ilang linggo pa ang kanilang hihintayin?
3. Naglalakad si Daniel ng 12 minuto papasok ng paaralan. Ilang segundo siyang naglalakad patungo sa paaralan?


(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)

4. Tumulong si Cely sa paglalaba sa kanyang nanay noong Sabado. Nagsimula sila ng 7:30 a.m. at natapos ng 11:30 a.m. Ilang oras silang naglaba? Ilang minuto ang katumbas nito?
5. Ang bunsong kapatid ni Nina ay ipinanganak 8 buwan na ang nakalilipas, Humigit-kumulang ilang araw na siya ngayon simula nang ipinanganak siya?

## ANSWER KEY

**Pag-alam sa natutuhan**
1. 9,900 segundo
2. 240 minuto
3. 30 buwan
4. 1 ½ buwan
5. 135 araw

**Balik-tanaw**
1. 540
2. 15
3. 1200
4. 9
5. 144

**Unang Pagsubok**
1. 4 minuto
2. 1 oras
3. 30 minuto
4. 8 oras
5. 1 oras

**Gawain 1**
1. b
2. c
3. b
4. a
5. d

**Gawain 2**
1. 132 buwan
2. 3 oras at 15 minuto
3. 8,100 segundo
4. 3 buwan
5. 2,100 segundo
6. 84 buwan
7. 2,400 segundo
8. 1 oras at 5 minuto
9. 27 buwan
10. 428 araw

**Gawain 3**
1. a. oras ng pagdating ni Ellen
   b. 30 minuto; 10:00 a.m.
   c. pagbabawas
   d. 10:00 – 30 minuto = n
   e. 9:30 a.m.
2. a. oras kung kailan natapos ang panonood ni willy
   b. 45 minuto; 2:30 p.m.
   c. pagdaragdag
   d. Idagdag ang 45 minuto sa 2:30
   e. 3:15 p.m.

**Pangwakas na Pagsusulit**
1. 84 buwan / 364 linggo
2. 16 linggo
3. 720 segundo
4. 4 oras / 240 minuto
5. 240 araw